SINOPSIS

**SING-LIWANAG**

Pagmasdan ang mga kabataan sa pagtuklas ng kanilang sarili at paligid na nababalot ng mga anino. Mga aninong sa una ay madilim lamang, hindi kinikilala, kinakatakutan, pero kung tutuklasin ay maaring magbigay liwanag pa para mas makilala pa ang kaganapan sa sarili, sa kapwa, at sa komunidad.

Ang dula ay paglalaruan ang metapora ng anino bilang representasyon ng mga kaganapang nakaka-apekto sa mga kabataan sa ngayon, o partikular sa mga kabataan ng De La Salle Santiago Zobel. Ang dula ay lalamanin ng mga vignettes, na may awit at galaw, patungkol sa mga isyu sa pagpapahalaga sa sarili, sa kapwa, at sa komyunidad. Mga isyu na naiiwan pa sa mga anino at siyang susubukang bigyan liwanag ng dulang ito.

Sa huli, mauunawaan ng mga tauhan ang tungkol sa mga anino na ngayon ay nabigyan na ng liwanag. Mga aninong hindi na kailangan katakutan, kailangan alamin, kilalanin, pahalagahan, at paunlarin. Na ang bawat-isa ay makakatagpo ng ilaw sa sarili, sa kapwa, at sa kapaligiran. Iba-iba man ang paraan, Ang bawat isa ay magsisilbing liwanag para sa isa't isa, patungo sa pag-unlad ng sarili, kapwa, at ng lipunan.